# MGA BALANGKAS
# NG PAGPAPAKRISTAL NA PAG-AARAL JOSUE, HUKOM, RUTH

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Kailangan nating malaman na ang lupain ng Canaan ay may dalawang kahulugan sa tipolohiya:
sa positibong panig ang Canaan ay sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat na Kristo kalakip ang Kanyang di-malirip na kayamanan,
at sa negatibong panig ang Canaan ay sumasagisag sa makalangit na bahagi ng madilim na kaharian ni Satanas kasama ang mga makasatanas na puwersa nito.

Upang lubusan nating matamo at maangkin si Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na lupain para sa pagtatayo ng Diyos,
dapat nating matutuhan na mapanatili, mapamunuan, mapamahalaan, at magabayan ng direkta, tuwirang presensiya ng Panginoon;
kung taglay natin ang presensiya ng Panginoon, taglay natin ang karunungan, kabatiran, paunang pagkaunawa,
at panloob na kaalaman hinggil sa mga bagay; ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin.

Kailangan nating maligtas mula sa katiwalian at sa pagiging mga manggagawa ng katiwalian,
gawin ang nararapat sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa prinspyo ng paglilingkod sa Diyos,
at panagumpayan ang makasatanas na kaguluhan sa lumang nilikha at isagawa ang dibinong ekonomiya para sa bagong nilikha.

Upang maging isang normal na Kristiyano, upang maging isa sa mga mandaraig ngayon, upang tumugon sa kasalukuyang pagtawag ng Panginoon,
at upang matugunan ang Kanyang kasalukuyang pangangailangan sa Kanyang pagbabawi, kailangan nating maging mga Ruth sa ngayon upang bumaling sa ekonomiya ng Diyos,
upang makapasok sa lupain ni Immanuel, at upang magpakasal kay Kristo nang sa gayo’y maibunga natin si Kristo upang matugunan ang kasalukuyang pangangailangan kapwa ng Diyos at ng mga tao.

*© 2021 Living Stream Ministry*

## Ang Natatago, Intrinsikong Kahulugan ng Josue, Hukom, at Ruth

1. Sa pag-aaral ng mga kasaysayan at mga propesiya ng Lumang Tipan, kailangan natin ang buong saklaw, ang buong pananaw, ng buong Kasulatan hinggil sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos para kay Kristo at sa ekklesia, na mapapasukdol sa Bagong Herusalem. Ito ang maggagawad sa atin hindi lamang ng mas malawak na pananaw bagkus gayundin ng mas malalim na intrinsikong kahulugan ng layunin ng Diyos sa pagtatanghal sa atin ng mga kasaysayan at ibinibigay sa atin ang mga propesiya sa Lumang Tipan. Ang saklaw, ang sentro, at ang intrinsikong kahulugan ng lahat ng mga kasaysayan at mga propesiya ng Lumang Tipan ay dapat na si Kristo at ang Kanyang Katawan, na lubusang mapapasukdol sa Bagong Herusalem para sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos.
2. Upang maisakatuparan ng Diyos ang gayong walang hanggang ekonomiya Niya, kinailangan Niyang likhain ang mga langit para sa lupa, at ang lupa para sa tao (Zac. 12:1). Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan at ayon sa Kanyang sariling wangis na may isang espiritu upang makaugnay Siya ng tao, matanggap Siya, maingatan Siya, at kunin Siya bilang buhay at nilalaman ng tao. Napakalungkot na ang taong taong ito ay natisod mula sa Diyos at mula sa layunin ng Diyos para sa Kanyang ekonomiya. At mula sa natisod na sangkatauhan ay pumili ang Diyos ng isang tao na nagngangalang Abraham at ang kanyang mga inapo, at Kanyang ginawa sila na isang partikular na bayan bilang Kanyang ginigiliw na hinirang sa gitna ng lahat ng bansa (ang mga Hentil). Inabot ng apatnaraang taon upang ang Diyos ay makapagbunga, makabuo, at makahugis ng gayong hinirang upang halinhan ang lahing Adam para sa pagsasakatupran ng Kanyang walang hanggang ekonomiya. Dinala ng Diyos ang gayong hinirang Niya sa mga pagsubok, mga pagdurusa, kapwa sa Ehipto at sa ilang upang sila ay masanay, madisiplina, at makwalipika upang maikoordina sa Kanya sa pagkuha ng pinangakong lupain para kay Kristo sa lupang ito at sa pagbibigay ng mga wastong tao upang dalhin si Kristo tungo sa pantaong lahi. Ang angkinin ang pinangakong lupain para kay Kristo at makapaglaan ng mga wastong tao upang dalhin si Kristo sa pantaong lahi ay ang dalawang pangunahing punto ng seksyon ng kasaysayan sa Lumang Tipan sa tatlong aklat ng Josue, Hukom, at Ruth. Ang dalawang pangunahing puntong ito, ang kunin ang lupain para kay Kristo at ang maglaan ng tunay na ninuno para kay Kristo, ay ang espirutu ng kasaysayan mula Josue hanggang Ruth. Ang mga ito ang natatago, intrinsikong kahulugan ng seksyong ito ng Lumang Tipang kasaysayan. Kailangan tayong magkaroon ng isang malinaw na pangitain hinggil dito. Kung hindi, ang ating pagpapakristal na pag-aaral ng tatlong aklat na ito ay mawawalang saysay, gaya ng mga pag-aaral ng napakaraming mananalaysay, mga estudyante ng Biblia, at mga tagapagturo

ng Kasulatan, Hudyo man o Kristiyano.

3. Kung sa kahabagan ng Panginoon ay makikita natin ang gayong pangitain, ang seksyon na ito ng kasaysayan sa Lumang Tipan ay magiging pakinabang sa atin tulad ng ginagawa ng Bagong Tipan. Ang gayong pangitain ay makatutulong sa atin upang makita na ang kasaysayan ng bayan ng Diyos sa lupa sa katunayan ay ang kasaysayan ng gumagawang Diyos na nagpapalakas sa Kanyang tinubos na bayan at pinalalakas silang kasama Niya para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonpomiya hinggil kay Kristo at ang Kanyang paglaki, na mapapasukdol sa Bagong Herusalem. Inaasahan ko na sa pamamagitan ng pagssanay na ito ay makikita at matatanto nating lahat na ang ating pamumuhay, ang ating pang-araw-araw na paglakad, ang ating pag-aaral, ang ating trabaho, at ang ating negosyo ay dapat na maging bahagi ng kasaysayan ng Diyos sa Kanyang kahanga-hanga at ekselenteng pagkilos sa lupa ngayon. Upang maging isang normal na Kristiyano, upang maging isa sa mga mandaraig ngayon, upang tugunan ang kasalukuyang pagtawag ng Panginoon, at upang tugunan ang kasalukuyang pangangailangan ng Panginoon sa Kanyang pagbabawi, lubusang hindi sapat na basta lamang maging isang tinaguriang mabuting kapatid na lalaki o kapatid na babae, regular na dumadalo ng mga pagpupulong ng ekklesia, umaasal nang marapat, at namumuhay ng isang buhay na tila perpekto sa mga mata ng mga tao. Kailangan nating maging kaisa ng Diyos sa Kanyang kasaysayan, kumikilos at napapalakas sa Kanyang mga umiibig na na mandaraig, sa buhay, sa pamumuhay, at sa kabuuan ng ating ginagawa ngayonsa lupang ito! Kailangan nating isul;at ang kasaysayan ng Diyos ngayon! Kailangan nating magmartsa bilang kaisa ng ng nagpapalakas na Diyos! Sa loob Niya! Kasama Niya! Sa pamamagitan Niya! At para sa Kanya! Kailangan nating maging buhay na buhay! Buhay! At aktibo! Kailangan nating maging mga Josue at Caleb ngayon upang angkinin ang pijnangakong lupain ng Diyos para kay Kristo upang tayo ay maging Kanyang pag-aaari! Kailangan nating maging mga Ruth ngayon upang bumaling sa ekonomiya ng Diyos, upang pumasok sa lupain ng Immanuel, at upang pakasalan natin si Kristo upang maisilang si Kristo upang matugunan ang pangangailangan ng mga tao ngayon. Ito ang dapat na maging intrinsikong kahulugan ng tatlong aklat na ito ng Josue, Hukom, at Ruth. Ang kinalabasan ng pagsasanay na ito ay dapat ang pagtatamo ng pinangakong lupain ng Diyos para kay Kristo at ang pagbubunga ng ekselenteng Kristo upang matugunan ang pangangailangan kapwa ng Diyos at ng mga tao.

*© 2021 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Ang Pag-aatas, Pangako, at Paghihikayat ng Diyos kay Josue

Babasahin sa Kasulatan: Jos. 1:1-9

### I. Si Josue ay isang sagisag ni Kristo sa mga sumusunod na aspekto:

A. Ang Griyegong katumbas ng pangalang Hebreo na *Josue* ay *Hesus* (Heb. 4:8; Gawa 7:45), na nangangahulugang "si Jehovah ang Tagapagligtas," o "ang pagliligtas ni Jehovah" (Mat. 1:21; Bil. 13:16):

1. Si Kristo bilang ating Lider ay ang ating tunay na Josue bilang Pinuno ng ating kaligtasan (Heb. 2:10; 4:8) upang pangunahan tayo tungo sa kaluwalhatian at tungo sa kapahingahan ng lupaing ipinangako ng Diyos kasama si Kristo bilang ating sakdal na kapayapaan at lubusang kasiyahan (2:10; 4:11; Deut. 12:9; Mat. 11:28-30).
2. Si Josue ay sumasagisag kay Kristo bilang biyaya na humahalili sa kautusan, na isinasagisag ni Moises (Jos. 1:2a; Juan 1:17); noong si Moises na tagapagbigay ng kautusan ay namatay saka pumasok si Josue upang dalhin ang bayan tungo sa mabuting lupain (Jos. 1:1-4); isinasagisag niya ang Panginoong Hesus bilang ating Lider na nagdadala sa atin tungo sa pagtatamasa ng Kanyang sarili bilang ating kapahingahan, bilang realidad ng mabuting lupain (Deut. 8:7-10; 12:9; Fil. 1:19; Efe. 3:8; Col. 1:12; 2:6-7; Heb. 4:8-9; Mat. 11:28-29).

B. Sa digmaan laban sa Amalek (Exo. 17:8-16), ang Amalek ay sumasagisag sa laman bilang totalidad ng natisod na lumang tao; si Josue ay sumasagisag sa kasalukuyan at praktikal na Kristo bilang ang nananahanan, nakikipagbakang Espiritu, ang Isa na nakikipagbaka laban sa laman at pumapatay rito (Roma 8:9-13; Gal. 5:16-17, 24):

1. Ang layunin ng laman ay ang pigilan tayo sa pagpasok sa lubos na pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ating mabuting lupain.
2. Ang ekonomiya ng Diyos ay nagliligtas sa atin mula sa laman tungo sa Espiritu upang tayo ay makibahagi sa pagpapala ng mga kayamanan ng Tres-unong Diyos—Roma 7:17—8:2; Gal. 3:14; Efe. 1:3-14.

C. Sa edad na apatnapu si Josue ay sumama kay Caleb, bilang dalawa sa labindalawang espiya, bilang mga may puso na punô ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagkuha sa salita ng Diyos bilang kanilang pananampalataya upang pangalagaan ang interes ng Diyos para maangkin ng Kanyang bayan ang mabuting lupain; dalawang mandaraig lamang sa gitna ng mga tinubos ng Diyos sa ilang, sina Josue at Caleb, ang nakatanggap ng gantimpala ng mabuting lupain—Bil. 13:30; 14:6-9, 27-30; Roma 10:17; Gal. 3:3, 5; Heb. 11:5-6; Fil. 3:13-14; cf. Gawa 6:5:

1. Ayon sa talâ sa Mga Bilang 13 at 14, ang bayan ng Israel ay may masamang puso ng walang pananampalataya; tinagubilinan at binalaan nina Josue at Caleb ang bayan sa pagsasabing, "Huwag...kayong [magrebelde] laban [kay Jehovah]" (b.9); ang mga salitang ito ay nagpapahiwatig na ang hindi sumampalataya sa Panginoon ay ang magrebelde sa Kanya—Bil. 13:31-33; 14:1-3, 6-11; Deut. 1:26, 32.
2. Kung lubusan nating aangkinin si Kristo bilang mabuting lupain, dapat nating hilingin sa Panginoon na iligtas tayo sa pagkakaroon ng isang masamang puso ng walang pananampalataya; ang magkaroon ng isang gayong pinatigas na puso ay ang lumayo, ang tumalikod, sa buháy na Diyos—bb. 25-26, 28, 35-39; 9:23; Gawa 6:5a; Heb. 3:7-13.
3. Ang ating Kristiyanong paglakad ay sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin (2 Cor. 5:7); kaya, dapat tayong patuloy na tumingin palayo kay Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya (Heb. 12:1-2); ang ating pananampalataya ay hindi sa ating sarili kundi sa Kanya na namamahagi ng Kanyang sarili bilang nananampalatayang elemento tungo sa atin upang Siya ay makapanampalataya para sa atin (Gal. 2:20; 2 Ped. 1:1).

4. Kailangan nating matanto na para sa isang Kristiyano, ang kawalan ng pananampalataya ay ang pinakamalaking kasalanan; kung tatanganan natin ang Salita ng Diyos at mananampalataya sa Kanyang Salita, magiging maayos ang lahat; kapag tayo ay namumuhay sa pamamagitan ng ating mga damdamin at hindi ineensayo ang ating espiritu ng pananampalataya at ibinabaling ang ating puso sa Panginoon upang manampalataya sa mga dibinong katunayan sa Salita ng Diyos, na siyang Kanyang tipan, Kanyang kalooban, sa atin, tayo ay nagrerebelde sa Salita ng Diyos, iniinsulto ang Diyos, at ginagawa Siyang isang sinungaling—Deut. 1:25-26; Heb. 3:12, 16-19; 4:2, 6; 11:1; Roma 3:4.
5. Hindi tayo dapat mapangamba o matakot ng mga ulap ng ating mga matibay na paniniwala, mga damdamin, at mga kapaligiran; dapat tayong mamuhay sa ilalim ng bagong tipan at huwag maniwala sa anumang kabiguan, kahinaan, kadiliman, o negatibong bagay; tayo ang ipinagkatipang bayan, at mayroon tayong bersikulo ng pangako upang tugunan ang bawat sitwasyon— Gen. 9:8-17; Apoc. 4:2-3; Panag. 3:22-23; Roma 8:1; 2 Cor. 12:9; 2 Tim. 1:10; 2:1; Jud. 24; 1 Juan 1:9; 1 Cor. 1:9.
6. Ang ating espiritu ay ang "*bank account*" ng nabuhay na muli, malahanging Kristo bilang realidad ng lahat ng pamana ng bagong tipan; sa pamamagitan ng kautusan ng Espiritu ng buhay, ang lahat ng pamanang ito ay naipamahagi tungo sa atin at ginawang tunay sa atin; dahil ang mga tao ng ekklesia ay isang bayang nasa ilalim ng tipan, tayo sa katunayan ay maaaring tawaging ang ekklesia ng tipan—Isa. 42:6; 49:8; Roma 8:2, 10, 6, 11, 16; Heb. 8:10; Juan 16:13.

**II. "Walang sinumang tao ang magtatagumpay laban sa iyo sa lahat ng araw ng iyong buhay. Kung paanong Ako'y nakasama ni Moises, Ako ay makakasama mo rin; hindi kita iiwan ni pababayaan man. Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti, sapagkat ipapamana mo sa bayang ito ang lupain na Aking ipinangakong ibibigay sa kanilang mga ninuno. Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti, gawin ang ayon sa lahat ng kautusang iniutos sa iyo ni Moises na Aking lingkod. Huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay maging matagumpay saan ka man pumunta"—Jos. 1:5-7:**

A. Para sabihin ni Jehovah kay Josue na, kung paanong Siya ay nakasama ni Moises, Siya ay makakasama rin ni Josue ay isang malaking bagay; sa isang punto ay sinabi ng Panginoon kay Moises, "Ako'y sasaiyo, at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan" (Exo. 33:14); dahil si Moises ay isang taong napakalapit sa puso ng Diyos at ayon sa puso ng Diyos, taglay niya ang presensiya ng Diyos sa lubos na paraan.

B. Sa Bagong Tipan, ang presensiya ni Hesus ay Emmanuel, nangangahulugang "ang Diyos ay sumasaatin" (Mat. 1:23; 18:20; 28:20); si Kristo bilang ang Espiritu ng realidad, ang Espiritung nagbibigay-buhay, ay ang Emmanuel, ang presensiya ng Dibinong Trinidad sa ating espiritu (2 Tim. 4:22).

C. Dapat nating patuloy na ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang maging malakas at napakatapang na tamasahin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo, na isinasagisag ng mabuting lupain, bilang prenda ng ating mana ngayon, na isang patikim ng ating ganap at walang hanggang pamana na kamangha-manghang Kristo sa susunod na kapanahunan at sa kawalang-hanggan—2 Cor. 4:13; Efe. 1:14, 18; 2 Cor. 1:22; 5:5-6a.

D. Dapat nating kunin ang Panginoon bilang ating kalakasan at ating katapangan upang dakilain si Kristo sa ilalim ng anumang kalagayan, na ang maranasan Siya kalakip ang pinakamataas na pagtatamasa (Fil. 1:20; 4:11-13); lagi nating maidedeklara, "[Si Jehovah] ay aking liwanag at aking kaligtasan; / Kanino ako matatakot? / [Si Jehovah] ang [kalakasan] ng aking buhay; / Kanino ako masisindak?"—Awit 27:1.

E. Ang kamatayan ay minsang naghari sa atin (Roma 5:14), at tayo ay nasa ilalim ng pagkaalipin nito, patuloy na natatakot sa kamatayan; yamang winasak ng Panginoon ang diyablo at

pinawalang saysay ang kamatayan (Heb. 2:14-15; 2 Tim. 1:10), tayo ngayon ay hindi na takot sa kamatayan at napalaya na sa pagkaalipin nito.

F. “Hindi itatakwil [ni Jehovah] ang bayan Niya, / Hindi Niya iiwan ang Kanyang mana” (Aw. 94:14); “Ang Panginoon ang aking Katulong, at hindi ako matatakot. Anong magagawa sa akin ng tao?” (Heb. 13:6); “Kung ang Diyos ay para sa atin, sino ang makalalaban sa atin?” (Roma 8:31).

G. Kailangan nating maging mga yaong nagpapaningas ng ating espiritung ibinigay ng Diyos, na hindi isang espiritu ng karuwagan kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng mahinahong kaisipan (2 Tim. 1:6-7); ang ating mga damdamin ay pawang kasinungalingan; dapat tayong laging manampalataya at magdeklara na tayo ay malakas, na tayo ay puspos ng pag-ibig, at na tayo ay malinaw na malinaw; pagkatapos tayo ay “[magiging malakas at magiging matapang]” (Jos. 1:6) upang pumasok at matamasa ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang realidad ng mabuting lupain.

H. Huwag tayong lumiko “sa kanan o sa kaliwa” (b. 7) mula sa banal na Salita hinggil sa makalangit na pangitain ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, upang tayo ay magtagumpay saan man tayo pumunta sa pamamagitan ng paglakad nang karapat-dapat sa Panginoon “sa buong ikalulugod Niya” (Col. 1:10); kaya, bago ang ating paglipat ay matatamo natin ang patotoo na tayo ay naging “kalugod-lugod sa Diyos” sa pamamagitan ng patuloy na pagsampalataya na ang Diyos nga at tayo ay hindi nga (Heb. 11:5-6; Gen. 5:21-24).

**III. “Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag aalisin sa iyong bibig, kundi ito ay iyong pagbubulay-bulayan araw at gabi upang iyong masunod ang ayon sa lahat ng nakasulat dito. Sapagkat kung magkagayo’y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad at magtatamo ka ng tagumpay. Hindi ba’t inutusan kita? Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti; huwag kang matakot ni manlupaypay. Sapagkat [si Jehovah na iyong Diyos ay kasama mo saan ka man pumaroon.”—Jos. 1:8-9:**

A. Si Josue ay naokupahan ng salita ng Diyos at hinayaan niyang okupahan siya ng salita (Col. 3:16); sa pamamagitan ng pagiging naokupahan at napunuan ng salita, nagkaroon siya ng kasaganaan at katagumpayan sa pagkuha sa lupaing ipinangako ng Diyos.

B. Ang susi sa pagsasagawa ni Josue ng lahat ng nakasulat sa Salita ng Diyos at ang susi sa kanyang kaginhawahan, tagumpay, lakas, at tapang sa pag-angkin sa lupaing ipinangako ng Diyos ay ang hindi niya hayaang lumisan ang salita ng Diyos mula sa kanyang bibig sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay dito araw at gabi; ang mga salitang *iyong bibig* ay nagpapakita na ang pagbubulay-bulay ay pangunahing isinasagawa sa pamamagitan ng malakas na pagsasalita:

1. Ang salitang Hebreo para sa *pagbubulay-bulay* ay mayaman sa kahulugan; ito ay nagpapahiwatig ng pagsamba, pakikipag-usap sa sarili, at pagsasalita nang malakas; ang pagbulay-bulayan ang salita ay ang tikman at tamasahin ito sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang nang mabuti—Awit 119:15, 23, 48, 78, 97-100, 148, cf. Bb. 9-11.
2. Ang pananalangin, pagsasalita sa sarili, at pagpupuri sa Panginoon ay maaari ding isama sa pagbubulay-bulay sa salita; ang pagbulay-bulayan ang salita ng Diyos ay ang tamasahin ang Kanyang salita bilang Kanyang hininga (2 Tim. 3:16) at sa gayon ay malalinan ng Diyos, upang langhapin ang Diyos, at upang tanggapin ang espiritwal na pagkain.
3. Ang pagbulay-bulayan ang Salita ay ang “ngumuya,” gaya ng baka na ngumunguya ng damo (Lev. 11:3); kapag pinagbubulay-bulayan natin ang salita ng Diyos, tinatanggap natin ito nang may lubhang pagsasaalang-alang at muling pagsasaalang-alang; kung paanong ang baka ay ngumunguya, magagawa natin ito habang binabasa-dalangin natin ang salita sa umagang-umaga upang makatanggap tayo ng pagkain sa pamamagitan ng muling pagsasaalang-alang ng ating natanggap mula sa salita ng Diyos.

C. Sinabi ng mang-aawit, “Ako'y magbubulay sa mga tuntunin Mo/ At gagalang sa Iyong mga daan. Ako'y mag-aaliw sa Iyong mga palatuntunan; / Hindi ko kalilimutan ang Iyong salita.”—Awit 119:15-16:
   1. Nang magbulay ang mang-aawit sa salita ng Diyos, ito ay naging kanyang kaluguran, kanyang katuwaan at kagalakan (Jer. 15:16), at hindi niya makalimutan ang salita ng Diyos; kaya, ito ay naging ay naging isang palagian at walang hanggang pagkain sa kanya (Aw. 119:105, 130).
   2. Sa pamamagitan ng pagbulay-bulay sa salita ng Diyos, naaalaala natin ang Kanyang salita at binubuhay nito—“Iyong alalahanin ang salita sa Iyong lingkod/ Na doo’y Iyong pinaasa ako. / Ito ang aking kaaliwan sa aking pagkapighati, / Sapagkat binuhay ako ng Iyong salita.”—bb. 49-50.

D. Ang pagbulay-bulayan ang salita ay mas mayaman, mas malawak, at mas nagpapaloob kaysa sa pagbabasa-dalangin, sapagkat ito ay kinapapalooban ng panalangin, pagsamba, pagtatamasa, pakikipag-usap, pagyukod, at maging pagtaas ng ating kamay upang tanggapin ang salita ng Diyos (b. 48); ang itaas ang ating kamay sa salita ng Diyos ay ang ipahiwatig na mainit at may galak natin itong tinatanggap at yaong tayo ay nagsasabi ng Amen dito (Neh. 8:5-6).

E. Kapag nahihipo natin ang salita ng Panginoon gamit ang ating espiritu sa ganitong paraan at mananatili sa patuloy na pakikipagsalamuha sa Kanya, dapat tayong magkaroon ng damdamin ng pagiging napaliguan, napainit, napanariwa, nabasâ, at natustusan ng salita sa Biblia; ang isang bagay, ang pinakamainam na bagay, na dapat nating gawin ay ang hipuin Siya, sambahin Siya, sumampalataya sa Kanya, sipsipin Siya, tamasahin Siya, habulin Siya, at tamuhin Siya—Awit 27:4; Fil. 3:8,14.

F. Kapag tunay tayong gumugugol ng panahon upang pagbulay-bulayan ang salita ng Diyos, tayo ay nalalalinan ng Diyos upang magningning ng Diyos at isinag ang Diyos (2 Cor. 3:15-18); ito ang dahilan kung bakit natin inaawit ang, “Kay Hesus ka manalangin, / Magbabad sa liwanag; / L’walhati Niya’y palagusin, / Sa iyo Siya’y maaninag” (Himno, #784, saknong 6).

G. Dahil iniutos ng ating Panginoon at ng ating Diyos na pumasok at tamasahin Siya bilang realidad ng nagpapaloob ng lahat na mabuting lupain, dapat tayong magsabi ng Amen sa Kanyang salita upang maging malakas, upang maging matapang, at huwag matakot o manlupaypay, sapagkat si Jehovah na ating Diyos ay kasama natin saanman tayo pumaroon, habang ginagawa nating mga disipulo ang lahat ng bansa upang gawin silang mga tao ng kaharian hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito, ang panahon ng Kanyang pagdating—Jos. 1:9; Mat. 28:20.

*© 2021 Living Stream Ministry*